# PANITIKAN: KATALISTA NG MAUNLAD NA WIKA AT KULTURA

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Bukod sa mga likas na yaman, maituturing na malaki ang ambag ng panitikan upang makilala ang kultura at kagandahan ng Pilipinas (Tanggol Wika, 2018). Marami sa mga tula, kwento, at iba't iba pang klaseng likha ng magigiting na manunulat ng bansa ay patungkol sa kung gaano kahusay ang mga Pilipino at kung gaano kamalikhain sa di mabilang na larangan. Binibigyang-diin din ng iba't ibang sulatin ang malaking gampanin ng wika sa araw-araw na pamumuhay ng mga tao sa bansa. Kung susuriin, Malaki ang naging papel ng panitikan sa pagpapayabong ng wika, maging ng kultura.

Maraming akda at likha mula sa mga tanyag na manunulat tulad nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, Francisco Balagtas, at iba pa ang tumatalakay sa kabayanihan ng mga Pilipino. Ilan sa mga ito ay hindi matatawaran ang sining ng pagkakasulat tulad na lamang ng El Filibusterismo at Noli Me Tangere ni Rizal na magpahanggang sa ngayon ay patuloy na inaaral at sinusuri sa mga paaralan (Tugano, 2021). Hindi lamang nito hinuhubog ang kamalayan ng mga kabataan sa makabagong panahon ngunit hinihimok sila upang gamitin ang panitikan bilang daan upang marinig ang iba't ibang pananaw at hinaing ng lipunan. Lumalawak ang kakayahan ng maraming kabataan sa pagsulat dahil na rin sa kagalingang pinapakita ng iba't ibang likha ng makikisig na mga manunulat.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa pa sa napakahalagang gampanin ng panitikan sa pag-unlad ng maraming aspeto ng pagka-Pilipino ay ang paggising at pagmulat sa maraming tao sa kulay ng kultura at kasaysayan. Hanggang sa ngayon, maraming Pilipino ang nakikiisa sa pagwawagayway ng watawat upang gunitain ang Araw ng Kalayaan ng Pilipinas. Naipapasa sa maraming henerasyon ang mga kaugalian tulad ng simpleng paggalang sa

nakatatanda at kung paano ginaganap ang maraming selebrasyon. Sa Hilagang Luzon, malimit pa ring makita ang mga tao na ginagawa ang bayanihan sa mga kasalan at iba pang salo-salo. Pinatatatag ng panitikan ang pagiging maalam ng marami sa kultura at tinutulungan upang patuloy na gawin ito sa kabila ng pagbabago sa teknolohiya at iba pa.

Pinakamahalagang ambag ng panitikan sa bansa ang pagbubuklod sa mga tao (Suguitan, 2023) sa kabila ng pagkakaiba. Binigyan ng mga sulatin ang mga mamamayan ng malawak na pang-unawa, pagtanggap, at paggalang sa mga tradisyon ng ibang pangkat-etniko at ipinakita ang pagsuporta dito. Kitang-kita ito sa mga travelogue kung saan ay hinihikayat ng mga tao ang mga kapwa-Pilipino na mas tuklasin pa ang kultura ng iba't ibang lugar sapagkat maraming mga tradisyon pa ang dapat na pagyamanin sa halip na kalimutan. Panitikan din ang nagpakilala sa Pilipinas kung gaano kahusay ang mga Pilipino sa sining kung saan ay isa sa mga pinakatanyag ang mambabatok mula sa Hilagang Luzon na si Apo Whang-Od.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Patuloy na mamamayagpag ang wika at kultura ng Pilipinas dahil sa instrumentong kailanman ay hindi bumigo sa sinuman: ang panitikan. Mas marami pang kabataan ang maeengganyong sumulat at ilabas ang kanilang talento sa pagsulat; mapagtitibay pa at mas aalagaan ang mga kulturang kinagisnan mula pa noon; at hanggang sa magpakailanman ay mapagbubuklod ang bansa bilang nagkakaisang mamamayan na taas-noo kahit kanino. Ang panitikan ay hindi lamang isang masining na pagsulat ngunit isang pagsasalamin ng isang makulay na Pilipinas sa isip, salita, gawa, at mga likha.

*References:*

Tanggol Wika (2018). Panatilihin at Pagyamanin ang Wikang Filipino at Panitikan sa Kolehiyo. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://upd.edu.ph/panatilihin-

at-pagyamanin-ang-wikang-filipino-at-panitikan-sa-kolehiyo-pahayag-ng-up-diliman-university-council/

Tugano, A. (2021). Ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Jose Rizal Bilang Mga Post-kolonyal na Babasahin: Isang Paglalarawan sa Umuusbong na Kultura ng Pagtuturo at Pagkatuto sa Mga Piling Paaralan sa Lungsod ng Marikina, Metro Manila. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.researchgate.net/publication/348937948_Ang_Noli_Me_Tangere_at_El_Filibusterismo_ni_Jose_Rizal_Bilang_Mga_Post-kolonyal_na_Babasahin_Isang_Paglalarawan_sa_Umuusbong_na_Kultura_ng_Pagtuturo_at_Pagkatuto_sa_Mga_Piling_Paaralan_sa_Lungsod_ng_M

Suguitan, G. (2023). Can literature unite society? Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://opinyon.net/opinion/can-literature-unite-society

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan